Isang Gabi ng Parangal at Pagbibigay Pugay

Pagpupugay sa lahat ng narito ngayon at sa lahat ng mga kapatid na nakikiisa sa pagdadalamhati ng pamilya, mga kamag-anak, mga kapatid sa pananampalataya at sa mga kasama sa kilusang nagpapalaganap ng ilaw, sa pagkawala ni Joel Baclao y Barrameda.

Si Joel ay isang mapagmahal na asawa, matatag na ama, isang responsableng anak at kapatid.

Si Joel ay isang Kristyanong may malalim na pananampalataya. Ang kaniyang paglilingkod sa kaniyang pamilya at sa sambayanan ay isang malinaw na pagpapakita sa kaniyang paniniwala sa Diyos ng pagmamahal, kapayapaan, katarungan at kalayaan. Patunay dito ay ang kaniyang taos pusong paggampan sa kaniyang tungkulin bilang regional coordinator ng Promotion of Church People's Response (PCPR) dito sa Bikol. Coordinator din siya ng Andurog Mayon, ang relief and rehabilitation program ng National Council of Churches in the Philippines (NCCP) na mas lalong nagpakita sa kaniya ng katotohanan ng di-makatarungang lipunan at naglapit sa kaniya sa mga maliliit nating mga kapatid.

Ang kaniyang pagmamahal sa asawa, mga anak, mga kamag-anak, sa gabay ng pananampalataya sa Diyos ng kalayaan at katarungan ay nagbigay lakas upang yakapin at itanyag ang kagalingan ng sambayanan, maging kaisa nila sa kanilang paglalakbay tungo sa tunay na kaganapan ng buhay – ang pagwawakas sa kalagayan ng kahirapan, pagsasamantala, pang-aalipin, at pagkabusabos gawa ng mapang-aping sistema sa lipunan!

Ang gabing ito ay gabi ng parangal sa asawa ni ate Orwena, sa ama ni Ryan at jun-jun, sa anak ni may , sa kapatid nila Elsie, sa kasimbahan ng mga kapatid sa UCCP at NCCP, at sa simbahang katoliko, sa kasama ng mga iba't ibang sektor ng mga nak-pawis mula pa sa iba't ibang panig ng rehiyong bikol at sa kamaynilaan.

Ang gabi rin na ito ay pagbibigay pugay at parangal sa mga martir ng mamamayang Bikolano, ng sambayanang Pilipino.

Subali't, sa gitna ng pighati, ng pagdadalamhati ng nating lahat, malinaw pa rin sa atin na si Joel, sampu ng mga biktima ng paglabag sa karapatang pantao ay sumisigaw ng katarungan.

Ang pangyayaring ito kay Joel ay nagpapahiwatig na umiigting ang karahasan ng estado, na kahit ang mga taong simbahan ay hindi ligtas sa mga kampon ng kadiliman.

Katarungan para kay kapatid na Joel at sa lahat ng mga biktima ng paglabag sa karapatang pantao. Terorismo ng estado, labanan!

Si Joel Bilang Asawa, Ama at Kapamilya

Ang kadalasang puna ng mga kaibigan, ang isang tao daw na kaisa sa pagpapalaganap ng katotohanan, kalayaan at katarungan, ay taong wala ng emosyon at nakakalimutan na ang tungkulin sa pamilya. Alam natin na kabalintunaan ito. Kung tutuusin sila pa nga, ang mga taong tunay na nagmamahal at nagtataguyod sa kagalingan ng pamilya. Ito ay dahil sa kanilang pananampalataya, mulat at makauring pagmamahal…

Si Joel Bilang Mananampalatayang Kristyano at ang Kaniyang Pagtugon sa panawagan at hamon ng panahon : ang paglilingkod sa sambayanan

Mahalin mo ang iyong kapwa, kagaya ng pagmamahal mo sa akin. Aang tunay na pagmamahal sa kapwa ay nakikita kung paano niya ialay ang kaniyang buhay para sa kanila...

Ang ating kapatid na si Joel Baclao ay simpleng mananampalataya, payak na manggagawang simbahan. Taimtim niyang pinapakinggan ang mga aral ng simbahan, seryosong ninanamnam ang bawat salita sa banal na aklat, at isinabuhay ang mga ito. Kasapi ng Evangelical Church, naging aktibo sa kanilang mga gawain hanggang sa UCCP at NCCP. Buhay ang kaniyang pananampalataya.

Ang pananampalataya ni Joel ay mas lalong lumalim sa kaniyang mga gawain .(Namulat siya noong kaniyang kabataan sa Student Christian Movement o SCMP, naging organisador at nagdala sa kaniya sa pakikiisa sa iba't ibang sektor/saray ng ating lipunan). Bago siya marahas na pinatay ay naglingkod siya bilang Andurog Mayon Coordinator. Nakita niya na mas higit na pinsala ang idinudulot ng mapang-aping sistema ng lipunan. Malawakang disaster na hindi kaya ng simpleng relief at rehabilitation program, kundi ng pagkakaisa at pagkilos para sa pagbabago. Bilang Regional Coordinator ng PCPR at naging kinatawan nito sa PCPR national council ay mas lumawak ang kaniyang kamulatan, at nakita niya ang katumpakan ng kaniyang pananampalataya, na nagkaroon ng kaganapan sa kaniyang walang pag-aalinlangang maglingkod sa sambayanan. Tunay na si Joel ay isang propeta sa makabagong panahon…

Si Joel Bilang huwaran ng isang tunay na ama, asawa, mananampalataya at kasama

Ang liwanag na nagmumula sa mga kanidila na ito ay simbolo ng liwanag na sinisindihan nating lahat, kasama si Joel Baclao at ng marami pang martir ng kilusang nagbibigay tanglaw sa ating lahat. Sa aandap andap na mag-isang ilaw ay nagiging napakaliwanag at makapngyarihan na lulupig sa karimlan ng gabi. Mahaba man ang gabi, sa pagkakaisa nating lahat, at sa inspirasyon ng mga kapatid, ng mga kasama ay hindi tayo panghihinaan ng loob. Hindi natin bibiguin ang mga kagaya ni Joel Baclao. Ang hindi alam ng mga kaaway nila, ang kanilang dugo ay nagsisislbing pataba at higit na nagpapaningas sa sulo ng nag-aalab na pananampalataya, ng damdamin upang wakasan na ang karahasan, pang-aalipin, pandudusta at pambubusabos ng mapang-aping lipunan !

Sa kadiliman ng gabi tayo ay magpapatuloy ng pagmumulat, nag pag-oorganisa at pagkilos para makamit ang maliwanag na bukas na ninanais nating lahat, ang bukas na ninanais ni Joel para sa kaniyang asawa, sa kaniyang dalawang musmos na anak at para sa lahat ng kabataan, para sa sambayanan...

Pagpupugay sa mga kristyanong martir at lahat ng martir ng sambayanan.
Sila na nag-alay ng kanilang buhay upang itanyag ang kagalingan ng kanilang pamilya, ng mga kaisa sa pananampalataya at damdamin, sila na ipinagsanggalang ang interes ng sambayanan laban sa karahasan ng mapang-aping lipunan pinaghaharian ng mga dayuhan, di-pantay na mga relasyon sa lupa at mga mapagsamantala sa gobyerno upang ang mga mamamayang Pilipino ay maipaglaban ang kanilang pambansa at mga demokratikong karapatan at layunin

Pagpupugay sa mga kristyanong martir at lahat ng martir ng sambayanan.
Sila na nag-alay ng kanilang buhay at mapagpalayang pananampalataya upang mag-mulat, mag-organisa at magpakilos ng malawak na bilang ng mga taong simbahan at mga aping uri sa lipunan upang maging bahagi ng lumalawak na kilusang nagbibigay liwanag. Ang paggampan ng ating mga tungkulin ay binibigyang nating kaganapan ang malalim nating pananampalataya – na naka-ugat sa pakikibaka para sa buhay at kamatayan ng sambayanan.

Hindi natin inaasahan na ang landas nating tinatahak ay napakadali. Kung gayon, nandiyan sa tuwina ang panawagan para sa sakripisyo, hanggang sa pagbubuwis ng buhay katulad ng kay Joel at sa marami pang martir ng simbahan at sambayanan.

Subalit, magpapatuloy tayo, na puno ng makatotohanang pag-asa.
Nalalaman natin na ang ating mga paghihirap, katulad ng mga nauna sa atin, ay hindi mababaon sa limot- walang silbi at katuturan. Marami ang magpapatuloy ng ating sinimulan, ng ating

paghihirap, ng ating pakikibaka, kagaya ng ating pagpapatuloy ng mga simulaing sinimulan ng mga nauna sa atin.

Kay ate Orwena, kay ryan at jun-jun, sa kaniyang mga magulang at mga kapatid, sa iba pang kamag-anak, at sa mga kasama sa simbahan,

Kami po, sa pangalan ng lahat ng naging bahagi ng buhay ni Joel, ay taos pusong nagpapaabot n gaming pasasalamat at hindi kayo nagmaramot ibahagi si joel sa aming lahat, hanggang sa siya kitilan ng buhay ng mga naghaharing mapang-api dito sa lipunan.

Kasama sa ating pagbibigay parangal at pagpupugay kay joel ay ang atin ding pagpupugay/pasasalamaty sa kaniyang pamilya at sa mga pamilya ng maraming martir.

Katarungan para kay Joel Baclao at lahat ng biktima ng paglabag sa karapatang pantao!
Manindigan para sa tunay na katarungan, Terorismo ng estado labanan!

PCPR – Bicol
November 2004